タガログ

Tagalog

# User Guide (Paraan ng Paggamit) ng International Padala ng Pera Service ng Western Union® via Convenience Store

WESTERN UNION WU

at

あなたと、コンビに、
FamilyMart




## Famiport

**Over 16,000 Locations in Japan.** (As of January 2019)


DSK International Money Transfer Support Center
**0120-3630-44**
(Walang Bayad: Maaari rin ang mobile phone o PHS) (Oras ng pagbukas: 9:00 hanggang 22:00araw-araw)
Para sa iba pang mga detalye, bumisita sa aming website.
**http://www.wu-moneytransfer.com**


## 1 Paraan ng paggamit





### 1 Ihanda ang User ID at Password.

Ihanda ang User ID at Password.

Magiging madali ang paraan ng pagpadala ng pera sa convenience store kung mag-pre-request kayo sa internet para sa money transfer. Para sa mga mayroong Registration Card, pumunta sa login page ng aming website para sa detalye.

### 2 Magbayad sa convenience store.

Sa Kiosk Screen ng convenience store, piliin ang pangalan ng tatanggap, ilagay ang halaga ng pera na ipapadala, at pagkatapos ng transaksyon ay may lalabas ng ticket (printout). Dalhin ang ticket sa cashier at magbayad *1.



### Paggamit sa Family Mart ng Western Union® International Money Transfer

あなたと、コンビに、 FamilyMart

Gamitin ang FamiPort. Ito ay ang terminal machine na makikita sa loob ng Family Mart.




1. I-click ang button ng "International Money Transfer" sa Top Screen.
2. Piliin ang WESTERN UNION WU button.
3. Sundin ang direksyon na makikita sa screen.
4. Pagkatapos ng transaksyon, kunin ang ticket na lalabas sa FamiPort. Bayaran sa cashier ang halaga na nakasulat sa ticket sa loob ng 30 minuto*1.
5. Pagkatapos magbayad sa cashier, tanggapin ang receipt na naglalaman ng MTCN (Money Transfer Control Number).

Para sa paraan ng paggamit ng FamiPort, tignan ang likod ng pahina na ito.

### 3 Tawagan ang tatanggap ng pera para ipaalam ang MTCN.

Upang matanggap ang pera sa Western Union® Agent, kailangang ipaalam ang MTCN at iba pang detalye ng transaksyon sa pamamagitan ng pagtawag sa tatanggap ng pera. Pag-ingatan na hindi malaman ng ibang tao (na hindi konektado sa pagpadala ng pera) ang detalye ng transaksyon.




### 4 Tanggapin ang pera.

Ilang minuto lang ay maaari nang matanggap ang pera na ipinadala sa saan mang lokasyon ng Western Union® Agent sa bansa na pinadalhan ng pera.*2



*1) Ang ticket ay mawawalang-bisa (invalid) kung hindi kaagad makapagbayad sa loob ng 30 minuto. Kung lumipas ang 30 minuto ay kailangang muli na bumalik sa FamiPort at magsimula ng bagong transaksyon.
*2) Maaring ring ma-delay ang pagtanggap ng pera o hindi magamit ang serbisyo depende sa mga sumusunod na sitwasyon: gaano kalaki ang halaga, kung saang bansa ipapadala, hindi available ang currency, may problema sa foreign exchange o regulatory commission, kailangan ng additional na aksyon sa tatanggap, kailangan ng ID, depende sa branch, oras ng pagbukas ng branch, time difference ng bansa, o kung meron delayed option sa pagpapadala. Maari ring sumailalim sa iba pang mga restriksyon. I-click dito para sa karagdagang impormasyon.

## 2 Service fee para sa padala ng pera

[ Western Union® International Money Transfer Service Fees*1 ]

| Halaga ng pera na ipapadala (¥) | Service Fee*1 (¥) | |
|---|---|---|
| | Para sa 14 na mga bansang nakalista sa ibaba (A) | Para sa iba pang mga bansa maliban sa mga nakalista sa 14 na bansa*4 |
| 1〜10,000 | 990 | 990 |
| 10,001〜50,000 | 1,500 | 1,500 |
| 50,001〜100,000 | 2,000*3 | 3,000 |
| 100,001〜250,000 | 3,000*3 | 5,000 |
| 250,001〜293,000*2 | 5,000*3 | 7,000 |

(A) Bangladesh, Brazil, China, India, Indonesia, Myanmar, Nepal, Pakistan, Peru, Philippines, South Korea, Sri Lanka, Thailand, Vietnam

*1) Sa padala ng pera, ang Western Union® ay tumatanggap din ng tubo sa pagpalit ng pera sa local currency, ngunit ang bayad sa tax ay sasagutin ng magpapadala.
*2) May limit na 300,000 yen (halaga ng padala kasama na ang bayad sa transaksyon) sa bawat transaksyon. Depende sa bansang pagkukunan, maaring masmababa ang pera na makukuha kumpara sa nasa-itaas na chart.
*3) Ang transaction fee campaign ay maaaring matapos ng walang babala.
*4) Para sa Hong Kong, Macau at Taiwan ang service fee ay katulad din ng sa iba pang mga bansa.

*Maaring ring ma-delay ang pagtanggap ng pera o hindi magamit ang serbisyo depende sa mga sumusunod na sitwasyon: gaano kalaki ang halaga, kung saang bansa ipapadala, hindi available ang currency, may problema sa foreign exchange o regulatory commission, kailangan ng additional na aksyon sa tatanggap, kailangan ng ID, depende sa branch, oras ng pagbukas ng branch, time difference ng bansa, o kung meron delayed option sa pagpapadala. Maari ring sumailalim sa iba pang mga restriksyon. I-click dito para sa karagdagang impormasyon.

## 3 Mga dapat na tandaan ukol sa pagpapadala at sa pagtanggap

- Cash lamang ang maaaring ibayad. Hindi maaaring magbayad sa pamamagitan ng credit cards, e-money at gift coupons.
- Para sa mga lokasyon ng FamilyMart Convenience Stores, tignan sa : http://www.family.co.jp/tempo/ (in Japanese only)
- Limitado ang maaring maipadala sa isang araw mula sa Western Union Japan kaya naman may pagkakataong hindi makakapagpadala.
- Maaaring hindi matanggap ang pera kung mahigit isang beses sa isang araw magpadala ng pera sa iisang tao.
- Paraan ng pag-alam ng pay-out status (kung natanggap na ba o hindi ang pera)
  Maaaring mong alamin kung ang pera ay natanggap o hindi sa pamamagitan ng sumusunod na paraan: Ihanda ang inyong MTCN.

Pumunta sa Western Union® (Japan) website:
… http://www.westernunion.co.jp/
Tumawag sa Western Union® Customer Service Center:
… 0034-800-400-733 (Walang Bayad: 9:00-22:00)

**Paalala** Hindi maaring tumanggap ng pera mula sa ibang bansa sa FamilyMart.

- Oras ng Serbisyo…9:00-21:00 araw-araw

**Paalala** Ipaalam ang MTCN sa inyong receiver sa pamamagitan ng telepono. Huwag ipadala ang MTCN sa e-mail dahil maaaring mabasa ng ibang tao ang impormasyon sa e-mail.


Ipaalam ang MTCN sa inyong receiver sa pamamagitan ng telepono. Huwag ipadala ang MTCN sa e-mail dahil maaaring mabasa ng ibang tao ang impormasyon sa e-mail.


## 4 Paalala

### Tungkol sa User ID at Password.

- Ingatan ang inyong User ID at Password, huwag ipaalam o ipagamit sa iba.
- Itawag kaagad sa DSK International Money Transfer Support Center kapag nawala ang inyong registration card.

### Mag-ingat sa mga manloloko sa pagpadala ng pera!!

Huwag magpadala ng pera sa hindi kilalang tao. Kapag nakaranas ng panloloko sa pagpadala ng pera, i-report kaagad sa pulisya.

### Para sa mga Banyagang Customers 〜 Mangyaring bigyang pansin ang Expiration date ng inyong Registration ID

Isinasaad sa Registration ID ang petsa ng pag-expire ng rehistrasyon. Kapag lumipas na ang expiration date, hindi na maaaring gamitin ang serbisyong ito. Mangyaring sundin ang mga kinakailangang pamamaraan kung nais magpa-extend ng inyong rehistrasyon. Makipag-ugnayan sa DSK International Money Transfer Support Center para sa iba pang detalye.

## 5 Impormasyong ukol sa inyong rehistrasyon

### Tungkol sa pagpapabago ng mga nilalaman na impormasyon ng registration form

Kung may pagbabago sa inyong registration information, kailangang mag-request para sa pagbago ng registration information. Kung may pagbabago sa pangalan, tirahan o nationality, kailangan mag-submit ng updated na Certificate of Alien Registration na naglalaman ng bagong information. May form na kinakailangan para sa pagbabago ng registration information. Para sa mga detalye, pumunta sa page ng "Para sa mga mayroong Registration Card" sa aming website, o kaya ay tumawag sa DSK International Money Transfer Support Center.

## 6 Tungkol sa pag-cancel ng registration (deregistration)

Para magpa-cancel ng registration sa aming serbisyo, tumawag sa DSK International Money Transfer Support Center (0120-3630-44; Walang Bayad: Maaari rin ang mobile phone o PHS) (9:00 - 22:00, araw-araw)



# 7 Gabay sa Paggamit ng FamiPort

あなたと、コンビに、 FamilyMart

Gamitin ang FamiPort. Ito ay ang terminal machine na makikita sa loob ng FamilyMart.





0 Mula sa「Famiport Top Menu」ay piliin ang「International Money Transfer Services」



1 Pindutin ang "International Money Transfer" button.




2 Piliin ang button na ito.




3 Piliin ang button ng nais na linguahe.




4 Pagkatapos basahin ang nilalaman, pindutin ang [OK].





5 Para sa nag-pre-request ng money transfer sa internet at mayroon nang payment number, at para rin sa mga nais mag-request ng bagong money transfer, piliin ang nararapat na button.

Ilagay ang iyong User ID





7 Pagkatapos pindutin ang [Enter] button sa kanan ng User ID box, i-input ang User ID at pindutin ang [OK] button.

Ilagay ang iyong Password





8 Pagkatapos pindutin ang [Enter] button sa kanan ng Password box, i-input ang Password at pindutin ang [OK] button.


Ilagay ang iyong araw ng kapanganakan





9 Pagkatapos pindutin ang [Enter] button sa kanan ng Birthdate box, i-input ang Birthdate at pindutin ang [OK] button.




6 I-input ang inyong User ID Number (nakasulat sa inyong International Padala ng Pera Service ng Western Union via Convenience Stores), ang inyong password at ang inyong birthdate at pindutin ang "OK" button.




6 I-input ang payment number.



10 Pagkatapos i-check ang halaga na maaaring ipadala, pindutin ang [OK] button.



11 Piliin ang receiver.




12 Piliin ang currency ng pera (Peso o US Dollar).




13 Piliin ang dahilan ng pagpadala.




14 I-enter ang halaga ng iyong ipapadala.



15 / 7 Kumpirmahin ang nilalaman ng inyong money transfer request at pindutin ang [OK].




16 / 8 Basahin ang nilalaman at pindutin ang [Magpadala ng pera].



17 / 9 Kunin ang ticket na lalabas at bayaran sa cashier sa loob ng 30 minuto.



ticket